JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Mosunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

## Ika-apat na Markahan– Modyul 2:
## Panrelihiyong Pagdiriwang: Ilalarawan Ko



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

Pangalan ng Paaralan: ______________________________



## Alamin

Isang mainit na pagbati sa iyo mahal kong mag-aaral. Maligayang paglalakbay sa isa pang aralin sa Edukasyong Pagpapakatao 6.

Sa pagtatapos mo sa modyul na ito ay malalaman mo at mailalarawan ang iba't ibang panrelihiyong pagdiriwang na may koneksiyon sa ispiritwalidad ng isang tao.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Mailalarawan ang mga panrelihiyong pagdiriwang at gawain.



## Subukin

**Panuto:** Tingnan natin kung maalala mo pa ang mga sumusunod na mga pagdiriwang. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

1. Ikaw ay isang batang iskawt na gumugunita ng pakakahayag o rebelasyon ng Koran kay Mohammmed, ang propeta ng Islam.
   Anong relihiyong pagdiriwang ang ginugunita mo?
   A. Ramadan C. Sinulog
   B. Mahal na Araw D. Hariraya Puasa
2. Isang grupo ng mga kabataang iskawt ang nakasalubong ng prusisyon ng mga rebulto ni Cristo at iba pang santo na inilakad isang Biyernes.
   Anong pagdiriwang ang kanilang nasaksihan?
   A. Ati-atihan C. Santakrusan
   B. Mahal na Araw D. Ramadan
3. Hawak ang imahen ng Santo Niño ng isang ati habang sumasayaw at sumisigaw naman ng "viva" ang iba sa kanila.
   Ano ang tawag sa pagdiriwang na ito?
   A. Pasko C. Ati-atihan
   B. Pista ng Nazareno D. Pahiyas
4. Nakikita mo sa prusisyong ito ang maraming naggagandahang kababaihan na kumakatawan kay Birheng Maria.
   Anong pagdiriwang ang iyong nasaksihan?
   A. Ati-atihan C. Santakrusan,
   B. Pasko D. Mahal na Araw
5. Ano ang tawag sa pagdiriwang na ginugunita ang araw ng kapanganakan ni Jesus?
   A. Ati-atihan C. Sinulog
   B. Mahal na Araw D. Pasko

# Modyul 2

# "Panrelihiyong Pagdiriwang: Ilalarawan Ko"



## Balikan

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga nakasaad na pangungusap. Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ito ay nagpapakita ng pananalig sa Diyos at malungkot na mukha ( ☹ ) kung hindi.

__________ 1. Magtatampo kung hindi agad matugunan ang mga dasal.

__________ 2. Pinipili ang mga bagay na ipagpapasalamat sa Diyos.

__________ 3. Kahit hindi agad natutupad ang mga kahilingan, patuloy na nananalig at nagtitiwala.

__________ 4. Ayaw mo na rin tumulong sa iba dahil katwiran mo, hindi ka naman tinutulungan ng Diyos.

__________ 5. Hindi nagtatanim ng galit sa pagpapatawad sa kapwa.

.



## Suriin

Ngayon ay ating aalamin ang iba't ibang panrelihiyong pagdiriwang na may koneksiyon sa ispiritwalidad ng isang tao.

Maraming pagdiriwang na panrelihiyon sa Pilipinas. Isinasagawa rin ito sa iba't ibang buwan sa buong taon. Makikita rito ang mga kaugalian at katangiang Pilipino.

Ang mga panrelihiyong pagdiriwang ay isinasagawa upang madagdagan, mapalakas, at mapatibay ang paniniwala, pananampalataya at pananalig sa Diyos.



https://pixabay.com/photos/christmas-tree-presents-gifts-4695973/

**PASKO**

- Araw ito ng paggunita sa pagsilang ni Jesus.
- Pagmamahal sa bawat isa ang mensaheng ipinahahatid sa atin tuwing sasapit ang Pasko.

✖Dapat tandaan na ang mensahe ng Pasko ay pagmamahal ng Diyos sa atin at pagmamahal natin sa Kanya.
✖Tanda rin ito ng pagkakabuklod ng mga mag-anak. Nagsasama-sama rito o nagkakaroon ng *reunion* ang bawat pamilya.


Source: Pixabay.com
https://pixabay.com/photos/ati-atihan-4695780/

**ATI-ATIHAN**
✖Ito ay pagdiriwang sa Kalibo, Aklan. Tatlong araw ito ng pag-awit at pagsayaw sa mga daan. Hawak ang imahen ng Santo Niño ng isang ati habang sumasayaw. Sumisigaw naman ng "viva" ang iba sa kanilang pagsasayaw. Mahabang buhay ang kahulugan ng salitang “viva.” Ang gawaing ito’y nagpapalakas ng pananampalataya.


Source: jakartaglobe.id/news/philippines (AFP Photo/Ted Aljibe)
https://jakartaglobe.id/news/philippines-carries-bloody-good-friday-crucifixions/

**MAHAL NA ARAW**
✖Karaniwang makaririnig ng pabasa sa baryo, kapilya, at pati na sa mga tahanan na ikinukuwento ang buhay ni Cristo.
✖Isang prusisyon ng mga rebulto ni Cristo at iba pang santo ang inilalakad sa mga pangunahing daan ng baryo o bayan tuwing Biyernes Santo.


Source: Kuhreizy, PAHIYAS CC BY-SA 4.0, via Wikimedia Commons
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:PAHIYAS.png

**PAHIYAS**
✖Pinararangalan dito ang santong mga magsasaka na si San Isidro de Labrador.
✖Nagkakaisang nagsasabit ang mga taga-Quezon ng mga produktong-bukid at katutubong pagkain sa pintuan at mga bintana ng kanilang bahay.



Source: Markytour777, Flores_de_Mayo ,CC BY-SA 4.0, via Wikimedia Commons
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Flores_de_Mayo_Ilocos.jpg

**SANTAKRUSAN**

- Isang prusisyon ito na nagpapakita at isinasadula ang paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus.
- Maraming naggagandahang kababaihan sa prusisyong ito na kumakatawan kay Birheng Maria at iba pang mga babaing tauhan sa Bibliya at mga akadang kaugnay nito.



via Wikimedia Commons
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Sinulog_2014_10.JPG

**SINULOG**


- Ito ay pagdiriwang sa Cebu. Katulad ng ati-atihan, pag-awit at pagsayaw sa mga daan na hawak ang imahe ng iba't-ibang laki ng mga Santo Niño habang sumasayaw. Sumisigaw naman ng "viva" ang iba sa kanilang pagsasayaw.



Pista ng Nazareno

**PISTA NG NAZARENO**

- Ito'y isang mahabang prusisyon sa *Quiapo Church* kung saan dinadaluhan ng napakaraming mga deboto. Ang imahe ng malaking itim na Nazareno ay napapaligiran ng mga deboto na gustong mapunasan ito ng panyo o bimpo sa paniniwalang anuman ang kahilingan ay matutupad ito. Nakakintal sa prusisyon ang dakilang debosyon ng mga Pilipino at matinding paniniwala sa mga milagro ng Mahal na Poong Nazareno pati na ang kapangyarihan nitong magpagaling.



**RAMADAN**

- Nagsusuot ng mahabang belo sa kanilang mukha ang mga babaing Muslim kapag nagtutungo sila sa kanilang mosque.

×Ginugunita nila ang pakakahayag o rebelasyon ng Koran kay Mohammmed, ang propeta ng Islam. Nagbabasa pa sila ng Koran. Ang Koran ay banal na aklat ng mga Muslim.



**HARIRAYA PUASA**

× Pagkatapos ng Ramadan, ipinagdiriwang ng mga kapatid nating Muslim ang Hari Raya Puasa.

× Isa itong pasasalamat nila. Nagsisimula at ginigising sila ng malalakas na ingay ng mga tambol. Agad silang nagbibihis ng kanilang magagarang kasuotan at nagtutungo sa mosque. Nagdarasal sila ng isang oras. Imam ang tawag sa kanilang pari.



# Tuklasin

Alamin natin kung ano ang iyong mga sagot sa mga katanungan sa iba't ibang panrelihiyong pagdiriwang:

1. Kailan nagkaroon ng prusisyon ng mga rebulto ni Cristo at iba pang santo ang inilalakad sa mga pangunahing daan ng baryo o bayan?

   ____________________________________________

2. Ano ang isinusuot ng sa mukha ng mga babaing Muslim kapag nagtutungo sila sa kanilang mosque?

   ____________________________________________

3. Anong pagdiriwang ang nagpapakita at nagsasadula ng paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus?

   ____________________________________________

4. Bakit nagsasabit ang mga taga-Quezon ng mga produktong-bukid at katutubong pagkain sa pintuan at mga bintana ng kanilang bahay?

   ____________________________________________

5. Ano ang ipinagdiriwang ng mga taga Kalibo, Aklan?

   ____________________________________________



# Pagyamanin

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sitwasyon sa bawat pangungusap. Sabihin kung ito ay nagpapakita ng paglalarawan ng panrelihiyong pagdiriwang at gawain sa ispiritwalidad ng isang tao. Lagyan ng puso ♡ ang patlang sa unahan ng bilang kung Oo at ☆ kung hindi.

_____1. Sa Maynila na nanirahan ang pamilyang Abdul. Ngunit sa tuwing sasapit ang buwan ng Ramadan ay umuuwi silang mag-anak sa Mindanao upang makapiling ang iba pa nilang kamag-anak sa pagdiriwang ng araw na ito.

_____2. Kahit mahirap lamang sina Mang Tonyo at Aling Rosa ay sinikap nilang maipagdiwang ang pagsapit ng Pasko dahil tanda rin ito ng pagkakabuklod ng mga mag-anak. Nagsasama-sama rito ang bawat pamilya at nais din nilang masunod ito.

_____3. Tuwing Mahal na Araw ay karaniwang makaririnig ng pabasa sa baryo, kapilya, at pati na sa mga tahanan na ikinukuwento ang buhay ni Cristo. Habang isinasagawa ang pagdiriwang na ito ay malakas na nagtatawanan at naghahagikhikan sina Lani at Merly.

_____4. Tatlong araw na pag-awit at pagsayaw sa mga daan ang pagdiriwang ng ati-atihan . Hawak ni Marian ang imahe ng Santo Niño habang sumasayaw. Sumisigaw naman ng "viva"ang iba sa kanilang pagsasayaw ngunit wala kang maririnig na reklamo sa bawat isa kahit pagod na sa pag-awit at pag-sayaw dahil ginagawa nila ito para sa Panginoon at hindi para sa tao.

_____5. Ang Santakrusan ay isang prusisyon na nagpapakita at nagsasadula ng paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus. Sa pagkakataong ito ay si Mabel ang napiling gumanap ng Santa Elena sa kanilang baryo. Nagalit at hindi na kinausap ni Mia si Mabel na kanyang kaibigan dahil dito at hindi na rin siya sumama sa prusisyon.

**Gawain 2**
**Panuto:** Kulayan ang bahaging nagpapakita ng paglalarawan ng panrelihiyong pagdiriwang at gawain sa ispiritwalidad ng isang tao.

| Paglalarawan ng panrelihiyong pagdiriwang at gawain sa ispiritwalidad ng isang tao. | |
|---|---|
| Nakikisama at nakikilahok ka sa mga gawain sa iyong kinabibilangang simbahan. | Tinutuligsa at kinukutya mo ang mga paniniwala ng iba dahil magkaiba kayo ng relihiyon. |
| Hindi ka makikihalubilo sa mga taong iba ang paniniwala sa iyo. | Nagdarasal nang taimtim sa oras ng prusisyon at pagsamba. |
| Nag-aaral at nagbabasa ng mga libro tungkol sa mga pagdiriwang ng iyong relihiyon. | Wala kang tiyagang makinig kapag masyadong mahaba ang pangaral ng pinuno ng iyong simbahan. |
| Nirerespeto mo ang paniniwala at pananalig ng iba kahit magkaiba ang inyong mga pananampalataya at pananaw sa buhay. | Hindi mo mapapatawad ang mga nagkasala sa iyo lalo na kapag nalaman mong sa ibang relihiyon siya kabilang. |
| Kapag nalaman mong magkaiba kayo ng relihiyon ay tumatanggi kang tumulong. | Gumagawa ng paraan kung paano mapaunlad ang sariling pananampalataya sa pamamagitan ng pagsali sa mga pagdiriwang na iyong kinabibilangan. |



# Isaisip

**Gawain 1**
**Panuto:** Basahing mabuti ang mga katanungan. Isulat ang tiitik ng tamang sagot sa patlang sa unahan ng bilang.

______1. Alin dito ang mensahe ng Pasko?
A. pagsasama-sama C. pagbibigayan
B. pagmamahal sa bawat isa D. pagtanggap ng regalo

______2. Saan dito pinararangalan ang santo ng mga magsasaka na si San Isidro de Labrador?
A. Ati-atihan C. Pahiyas
B. Pista ni Peɲafrancia D. Santakrusan

______3. Anong prusisyon ang nagpapakita at nagsasadula ng paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus?

A. Pista ni Peῃafrancia
B. Pahiyas
C. Santakrusan
D. Ati-atihan

______4. Aling pagdiriwang maririnig ang pabasa sa baryo, kapilya, at pati na sa mga tahanan na ikinukuwento ang buhay ni Cristo?

A. Pahiyas
B. Mahal na Araw
C. Ati-atihan
D. Pista ng Nazareno

______5. Anong pagdiriwang ginugunita ang pakakahayag o rebelasyon ng Koran kay Mohammmed?

A. Hari Raya Puasa
B. Mahal na Araw
C. Ramadan
D. Ati-atihan



## Isagawa

**Panuto:** Isulat ang **Oo** sa patlang kung tama ang sinasabi ng sitwasyon at **Hindi** kung hindi ito tama.

______1. Inimbitahan ka ng kaibigan mo na pumunta sa kanilang lugar. Magkaiba kayo ng pananampalataya. Isang prusisyon na nagpapakita at nagsasadula ng paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus. Unang beses mong nakasaksi ng ganitong pagdiriwang kaya tahimik ka lang na nanonood.

______2. Bumisita kayo ng mga magulang mo sa mga kamag-anak ninyo sa Cebu. Nagkataon naman na nagkaroon ng pagdiriwang ng Sinulog doon. Sumali na at sumabay na kayo sa selebrasyon bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob ng Panginoon.

______3. Napanood mo sa telebisyon ang Pista ng Nazareno sa Quiapo Church. Nakita mong napakaraming mga taong dumalo at nakikiisa sa pagdiriwang. Iniisip mong kung ikaw ang nanduon ay hindi ka makipagsiksikan at makisabay sa *traslacion* dahil para sa iyo ay pagsasayang lamang ito ng oras at walang katuturan.

______4. Nakapag-asawa ng isang Muslim ang kapatid ng nanay mo. Isang araw ay naimbitahan kang dumalo sa kanilang pagsamba. Wala ka naming sinabi ngunit tahimik mo silang pinagtatawanan at kinukutya dahil magkaiba kayo ng paraan ng pagsamba at magkaiba din ang inyong mga paniniwala.

______5.Isa kang ati na tatlong araw na aawit at sasayaw sa mga daan tuwing may pagdiriwang. Hawak ang imahen ng Santo Niño at sisigaw ng “viva” habang sumasayaw. Hindi mo iniinda ang pagod at uhaw dahil bukal sa iyong loob ang iyong ginagawa kasabay ang paniniwalang ito’y nagpapatibay ng iyong paniniwala.



## Tayahin

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sumusunod na katanungan. Tukuyin ang inilalarawang panrelihiyong pagdiriwang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

______1. Ang mga babaing Muslim ay nagsusuot ng mahabang belo sa kanilang mukha kapag nagtutungo sila sa kanilang mosque. Nagbabasa sila ng Koran. Ginugunita nila ang pakakahayag o rebelasyon ng Koran kay Mohammmed. Anong pagdiriwang ito?

A. Hariraya Puasa C. Santakrusan
B. Ramadan D. Pasko

______2. Kung nagsasabit sa may pintuan at mga bintana ng kanilang bahay ng mga produktong-bukid at katutubong pagkain ang mga taga-Quezon bilang parangal ng santong si San Isidro de Labrador, ano ang okasyon?

A. Sinulog B. Ati-atihan C. Pahiyas D. Pista ng Nazareno

______3. Paano ipinakita ang pagkakabuklod ng mga mag-anak tuwing Pasko?

A. Nagsasama-sama rito o nagkakaroon ng *reunion* ang bawat pamilya.
B. Nagkakaisang nagsasabit ang mga taga-Quezon ng mga produktong -bukid at katutubong pagkain sa pintuan at mga bintana ng kanilang bahay.
C. Makaririnig ng pabasa sa baryo, kapilya, at pati na sa mga tahanan na ikinukuwento ang buhay ni Cristo.
D. Nagbibihis ng kanilang magagarang kasuotan at nagtutungo sa mosque.

______4. Bakit nagkaroon ng prusisyon ng mga rebulto ni Cristo at iba pang santo ang inilalakad sa mga pangunahing daan ng baryo o bayan tuwing Biyernes Santo?

A. Dahil ipinagdiriwang ang Mahal na Araw
B. Dahil ipinagdiriwang ang Pista ng Nazareno
C. Dahil ipinagdiriwang ang Pahiyas
D. Dahil ipinagdiriwang ang Santakrusan

______5. Paano ipinakita at isinadula ang paghahanap ni Santa Elena sa Banal na Krus? Sa pamamagitan ng ________________________.

A. isang prusisyon na kumakatawan kay Birheng Maria at iba pang mga babaing tauhan sa Bibliya
B. paghawak ang imahen ng Santo Niño ng isang ati habang sumasayaw.
C. pagparangal dito ng mga magsasaka sa santong si San Isidro de Labrador.
D. paggunita sa araw ng pagsilang ni Jesus.

**Mga Sanggunian**


**A. Batayang Aklat**

Zenaida R.Ylarde at Gloria A, Peralta EdD., Edukasyon sa Pagpapakatao 6, Batayang Aklat, Nakalimbag sa Pilipinas ng Vibal Group, 2016, pahina 136-141

**B. Images**

1.Gillman, Jason. *Christmas Tree Present*. *Pixabay*. Pixabay, December 15, 2019. https://cdn.pixabay.com/photo/2019/12/14/22/59/christmas-4695973_960_720.jpg.

2.Veneracion, Connie. *Gay Flores De Mayo (Flowers of May Parade)*. *Wikemedia Commons*. Self publish work, May 4, 2014. https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/2/28/Flores-de-mayo.jpg/518px-Flores-de-mayo.jpg.

3.Kuhreizy. *Pahiyas Festival in Lucban, Quezon*. *WIKIMEDIA COMMONS*. own work, October 31, 2014. https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/4/42/PAHIYAS.png.

4.Markytour777. *Flores De Mayo*. *WIKIMEDIA COMMONS*. Own work, March 16, 2002.https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/b/b4/Flores_de_Mayo_Ilocos.jpg/800px-Flores_de_Mayo_Ilocos.jpg.

5.ALBIJE, TED. *Philippines Carries Out Bloody Good Friday ‘Crucifixions.’ Jakarta Glove*. AFP, April 3, 2015. https://img.beritasatu.com/cache/jakartaglobe/960x620-4/2015/04/PHILIPPINES-RELIGION-EASTER-RITU-115066-01-02.jpg.

6.De Castro, Erik, and Reece Reyes. *Itim Na Nazareno*. *Reuters*. https://nadsfil9amgasanaysay2016.wordpress.com/, March 3, 2016. https://nadsfil9amgasanaysay2016.files.wordpress.com/2016/03/reu-philippines.jpg?w=765&h=380&crop=1.

7.Starkey, William. *Chinese New Year*. *Geograph*. Paypal, February 3, 2014. https://s0.geograph.org.uk/geophotos/03/83/51/3835142_99e425f0.jpg.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Violeta R. Pajo**
*Division of Zamboanga Sibugay*
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*